

Ang Paglalakbay ko sa Imahe ni Inâ- Nuestra Señora de Peñafrancia: mga Karanasan at Analisis

Joan A. Monforte

Kolehiyo ng Edukasyon, Partido State University (Instructor)- Goa, Camarines Sur; Kolehiyo ng Malalayang Sining, De La Salle University (PhArFil. Student), Manila, Philippines
joanalarconmonforte@gmail.com ; joan_monforte@dlsu.edu.ph

**Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research**

Vol. 7 No.1, 15-21

February 2019

Special Issue

P-ISSN 2350-7756

E-ISSN 2350-8442

www.apjmr.com

CHED Recognized Journal

ASEAN Citation Index

Date Received: December 7, 2017; Date Revised: January 12, 2019

Abstract - The celebration of the feast of Inâ- Nuestra Señora de Peñafrancia was become part of history and culture of Bicolandia. This paper discussed the history of the image of Inâ- Nuestra Señora de Peñafrancia enshrined at Basilica Minore which was used in the procession during the feast of Peñafrancia in Naga City. Another contention of this paper, to narrate about the author's experiences and observations in the celebration of the feast of INA in Naga City. These observations helped her to understand the different ways and practices of patronizing the Blessed Mother and the perceptions of followers/devotees about the image. And, it also presents the causes of patronizing Ina and ways of showing their faith to the Blessed Mother. Using archival method, the researcher retrieved the materials (books and pictures pertaining to the history of the Blessed Mother) from the different libraries and museum in Naga City including those from minor and major seminaries. Through the use of indigenous method (groping, asking questions, shared sensitivities, concerned interference, participation as one-with-the-others and integral involvement) with the followers of the Blessed Mother, the researcher discovered that the image of the Blessed Mother/Ina have portrayed different characteristics as mother of Jesus Christ. Indeed, the followers/devotees have strong faith/belief that Ina is truly the representation of the Virgin Mary.

Keywords: analysis, devotion, image, INA, Nuestra Senora de Penafrancia

Abstrak - Ang pagdiriwang ng kapiyestahan ni Inâ- Nuestra Señora de Peñafrancia ay naging bahagi na ng kasaysayan at kultura ng Bicolandia. Sa papel na ito ay tinalakay ang kasaysayan ng imahe ni INANuestra Señora de Peñafrancia na nakadambana sa Basilica Minore na siyang ipinuprusisyon sa pista ng Peñafrancia sa Naga City. Isinalaysay rin sa papel na ito ang aking mga karanasan at obserbasyon sa pagdiriwang ng kapistahan ni INA sa Naga City kabilang na ang mga kulturang namamasdan sa nasabing pagdiriwang. Inalam din sa pag-aaral na ito ang paraan ng pagtingin ng mga tao sa imahe ni INA, kung paano ba nila tinitingnan o itinuturing ang mga replica nito at maging ang mga kadahilanan ng pagdedebosyon ng mga tao kay INA at kung ano ang kanilang ginagawa bilang bahagi ng debosyon nila kay INA ay inalam din. Gamit ang archival na metodo ay hinalungkat sa mga silid-aklatan sa Naga City (Major and Minor Seminary) at sa Museo ni Ina ang mga babasahin at larawan kaugnay ng kasaysayan ni INA. At gamit ang katutubong pamamaraan sa pananaliksik (pagtatanong-tanong, pakiramdam, pakikialam, pakikilahok at pakikisangkot) ay nakakuwentuhan ang ilan sa mga deboto ni INA. Natuklasan dito na sa kabila ng pagkakaroon ng iba-ibang katangian ng mga imahe ni Maria bilang ina ni Jesus ay buo pa rin ang pananampalataya ng mga deboto na iisa lang ang kanilang sinasamba at 'yun ay si Maria mismo sa katauhan ni INA.

Mga susing salita: Analisis, debosyon, imahe, INA, Nuestra Señora de Peñafrancia

PANIMULA

Bahagi na ng pagiging romano katoliko ang pamimintuho sa mga sagradong imahe/icons ni Jesus, Maria o ng iba pang mga Santo at Santa. Hindi mawawala sa mga simbahan maging sa bahay ng isang

Pilipinong katoliko ang imahen ni Jesukristo o ni Maria. Ayon nga kay Yalung [1], ang pagsamba o pamimintuho sa mga santo ay hindi madadalumat kung walang sagradong imahe. Ang mga sagradong imahe/icons na ito ay maituturing na hindi hiwalay at

hindi mawawala sa bahagi ng liturhiya sa kristiyanismo dahil nagsisilbi rin itong behikulo ng pagsamba at malinaw na paraan ng kabanalan at debosyon patungo sa katauhan ni Jesus, ng mga Santo, mga martir at iba pa. Ang mga imaheng ito ay masining na kinakatawan sa paraang kakaiba, [2]. Ayon kay Vrame [3], ang mga imahe/icons na ito ay nagbibigay-daan upang ang mga mananampalataya ay magkaroon ng *visual contact* sa makasaysayang Jesus na nagkatawang-tao. Ito ay nagpapaalala sa atin na Siya ay palaging nandito at tumutulong sa atin at nagbibigay ng pagkakataon na makasama Siya. Ang pagkakaroon ng imahe ni Jesus o ng mga Santo sa simbahan o sa bahay man ay paraan upang maipakita ang paggalang at pagmamahal sa kanila, katulad din ito ng pagkakaroon at pag-iingat natin ng larawan ng ating mahal sa buhay, [4].

Sa mga bikolano ang pinakapopular at kakaibang pagpapahayag ng pananampalataya ay makikita sa kanilang espesyal na debosyon kay Nuestra Señora de Peñafrancia patrona ng kabikolan, na mas kilala sa tawag ng mga bikolano na INA, [5]. Ang kapiyestahan ni Inâ ang itinuturing na pinakamalaking selebrasyon, at ang claim na nga ngayon, ito na ang largest Marian Feast sa buong bansa, [6]. Ito ay ginaganap sa buwan ng setyembre taon-taon sa Naga City, Camarines Sur.

Kakaiba ang pagdiriwang ng kapiyestahan ni Nuestra Señora de Peñafrancia sapagkat ito ay tumatagal ng halos sampung araw. Bukod sa tagal ng araw ng pagdiriwang ay sadyang natatangi ito dahil sa paglilipat (Traslacion) ng imahe ni INA buhat sa kanyang tirahan sa Peñafrancia Basilica Minore patungo sa simbahan ng Cathedral at ito ay mananatili dito sa loob ng siyam na araw para sa novena at sa huling araw ng kapiyestahan muli itong ibinabalik sa kanyang tirahan sa pamamagitan ng *Fluvial Procession* sa tubig (Naga River) idinadaan ang imahe ni INA at ni Divino Rostro sakay ng Pagoda. Ayon kay Gerona [7], ang naturang kakaibang pagdiriwang ay nagsimula noong 1849, (61):

...during the incumbency of Bishop Manuel Grijalvo who formally assumed his episcopal office in 1849, he initiated the present practice of holding the yearly novenary to the blessed virgin at the Cathedral. This was a deviation from the customary practice which held the novenary at the Lady's chapel in the visits of Peñafrancia. He decreed that the said novenary be held from Saturday to Thursday at the cathedral, and the rest at the chapel in Peñafrancia. Further innovations were introduced by Bishop Francisco Gainza in 1864, he extended the novenary to Saturday.

Ito na nga ang kinaugaliang pagdiriwang ng *Peñafrancia fiesta* hanggang sa kasalukuyan at ito ay dinadalohan ng milyun-milyong deboto buhat sa iba't ibang sulok ng Pilipinas.

Sa artikulo ni Rev. Fr. Rex Andrew Alarcon [8], sa facebook account ng Peñafrancia Basilica Minore sinabi niya na, ang kasaysayan ng debosyon kay INA ay kuwento ng mga bikolano at ito ay nagsisilbing pagkakakilanlan na ayon sa kanya, kapag sinabing bikolano Mayon o Peñafrancia ang unang pumapasok sa isipan o kapag sinabing Peñafrancia agad na maiisip ay Bicol. Dahil sa tagal ng debosyong ito kay INA ay talaga namang nakilala ang Bicol, at dahil din dito ay dumami nang dumami ang mga replica ni INA; sa mga *souvenir shops*, mga sasakyan, at sa mga simbahan. At sa haba nga ng panahon ng pagbibigay-pugay na ito sa imahe ni INA ay marami na rin ang pinagdaanan ng imahe niya, magmula sa pagdala ni Fr. Covarrubias ng larawan ng Peña de Francia, sa pagpapaukit niya ng kaparehong imahe para sa kapilya na kanyang ipinatayo sa Nueva Caceres (Naga), sa pagkawala ng imahe ni INA hanggang sa pagkakaroon ng di mabilang na replica nito.

Kaugnay ng pagdiriwang ng kapistahan ni INA ay napakaraming gawain/aktibidad ang isinasagawa sa Naga City tuwing buwan ng Setyembre tulad ng: *Civic at Military Parade Competition, concert* ng iba't ibang banda at artista, *pageant night*, at marami pang iba. Nariyan din ang iba't ibang pakulo (promo) ng mga establisyemento/tindahan upang manghikayat ng mga mamamili. Dahil sa iba't ibang gawain at pakulong ito ay sabik ang karamihan na makapunta sa siyudad hindi para magdasal o magsamba kay INA kundi upang magsaya at makiisa sa mga naturang gawain. Sinasalamang katotohanang ito na para sa iba ay nagiging dahilan ang pagdiriwang ng kapistahan ni INA upang magsaya at kumita ng pera ang ilan.

Sa tagal ng panahon ng pagkakaroon ng debosyon ng mga tao kay INA ay dumami rin ang replica ng imahe nito na makikita natin kahit saang sulok ng Pilipinas at maging sa ibang bansa. Kaya naman, ang tanong ngayon ay maaari pa ba nating makilala kung alin sa mga imaheng ito ang orihinal? Mayroon bang pagkakaiba para sa mga tao kung ito ay orihinal o replica lamang? Ang kahulugan ay hindi nakatago/nakapaloob sa imahe mismo, sa halip ito ay nalilikha sa sandaling ito ay nakokonsumo at nagpapalipat-lipat sa mga manonood, [9]. Ito ay nangangahulugang maaaring magkaroon ng iba-ibang pagtingin ang mga tao sa imahe ni INA kahit na parepareho ang imaheng nakikita.

Ilan sa mga isyung binigyang-linaw sa papel ito ay ang: kasaysayan ng pagdiriwang ng kapistahan ni INA-Nuestra Señora de Peñafrancia, paglalahad sa kuwento ng mahabang kasaysayan ng nasabing pagdiriwang; kadahilanan at paraan ng pagtingin at pagsamba ng mga deboto sa imahe ni INA, kung paano tinitingnan o itinuturing ng mga deboto ang imahe ni INA at ang pag-alam sa kanilang mga rason kung bakit patuloy ang kanilang pagdedebosyon dito; at, ang mga obserbasyon kaugnay ng naturang pagdiriwang.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang papel na ito tumatalakay sa kasaysayan ng imahe ni INA-Nuestra Señora de Peñafrancia na nakadambana sa Basilica Minore sa Naga City. Isinalaysay rin sa papel na ito ang mga karanasan at obserbasyon ng mananaliksik sa pagdiriwang ng kapistahan ni INA sa Naga City kabilang na ang mga kulturang namamasdan sa nasabing pagdiriwang. Inalam din sa pag-aaral na ito ang paraan ng pagtingin ng mga tao sa imahe ni INA, kung paano ba nila tinitingnan o itinuturing ang mga replica nito at maging ang mga kadahilanan ng pagdedebosyon ng mga tao kay INA at kung ano ang kanilang ginagawa bilang bahagi ng debosyon nila kay INA.

KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na ginamitan ng archival na metodo at katutubong pamamaraan sa paghahalungkat ng kasaysayan ni INA-Nuestra Señora de Peñafrancia. Pumunta ang mananaliksik sa museo ni Ina sa Naga City, Camarines Sur at sa mga silid-aklatan sa lugar na ito upang maghalungkat ng mga babasahin hinggil kay Ina. Samantala, ang katutubong pamamaraan [10], (pagtatanong-tanong, pakiramdam, pakikialam, pakikilahok at pakikisangkot) ay ginamit sa pangangalap ng datos sa mga respondenteng deboto ni Ina. Ang mga nabanggit na pamamaraan ay ginamit sa pakikipanayam sa mga deboto ni Ina upang masagot ang ilang katanungan sa pag-aaral na ito. Gumamit ng *convenience at purposive sampling* sa pagpili ng mga kakapanayamin. *Purposive* dahil ang mga kinapanayam ay yaong mga deboto lamang at *convenience* dahil ang mga debotong kinapanayam ay buhat lamang sa ilang piling mga bayan sa Camarines Sur na malapit sa lugar ng mananaliksik.

Unang pinuntahan ng mananaliksik ang pari sa kanilang simbahan at siyang tumulong upang makapanayam ng mananaliksik ang isa sa mga awtoridad kaugnay ng usapin tungkol kay INA, ang

Direktor ng *Stewardship Program* ng Archdiocese of Nueva Caceres. Gamit ang inihandang gabay na mga tanong at video/audio rekorder ay kinapanayam ng mananaliksik ang dalawampung respondente; apat na pari, anim na kabataan (edad 10-21), dalawang matanda na tumatanggap ng mga padasal/novena ng mga deboto sa Peñafrancia, at, walong matatanda na matagal nang deboto ni INA. Ang mga naturang kinapanayam ay yaong kilala sa kanilang lugar at simbahan na masugid na deboto ni INA batay sa rekomendasyon ng mga napagtanungan at batay na rin sa kanilang kumpirmasyon sa panayam.

RESULTA AT TALAKAY


Kasaysayan ng imahe ni INA-Nuestra Señora de Peñafrancia

Kung hahalungkat ang kasaysayan ng imahe ni INA sa Naga City, maiuugat ito sa artikulo ni Bishop Francisco Gainza, O.P (1862-1869) sa kanyang akdang “El Santuario de Nuestra Señora de la Peña de Francia de la Ciudad de Nueva Caceres en Las Islas Filipinas” dahil ito ang naging batayan ng mga nagsisulat ng mga babasahing mayroong kaugnayan sa kasaysayan ni INA. Alarcon [11], sa kasalukuyan ito ang mapanghahawakang batayan tungkol sa pinagmulan ng debosyon kay INA dahil umano kung wala ang mga pagsasalaysay ni Gainza imposibleng matukoy ang pinagmulan ng debosyon kay INA sa bikol dahil kung wala ito ay walang mapagbabatayan ng kwento tungkol sa pagsisimula ng debosyon. Ang kasaysayan ng imahe ni Nuestra Señora de Peñafrancia o mas kilala sa tawag na INA sa kabikolan ay nagsimula noong 1710 sa pamamagitan ni Fr. Miguel Robles de Covarrubias, siya ang nagdala ng replica ng imahe ni Peñafrancia de Francia at nagpalilok ng imaheng ito na gawa sa puno ng santol at nagpagawa rin ng chapel bilang pagbibigay-pugay kay birhen de Peñafrancia, [12] [13] [11]. Bilang pagbibigay-linaw sa kasaysayan ni INA, binanggit sa artikulo ni Alarcon [11] na hindi umano nagbigay si Gainza ng eksaktong petsa kung kailan ginawa (sculpted) ang kauna-unahang imahe ni INA o kung kailan naitayo ang simbahan dahil hindi rin ito nabanggit sa kanyang pinagbatayan. Ang nakalagay lang sa liham ni Don Miguel ay, sa taong 1710 ay mayroon ng imahe at ermita na gawa sa *light materials*, mayroon na ring *liturgical celebration* at may mga nabanggit ding mga milagro ni INA.

Masasalamon sa Larawan blg. 1 ang mahabang kasaysayan na pinagdaanan ng imahe ni INA mula sa orihinal na lilok nito na gawa sa santol na ninakaw noong 1981 (275 taon na imahe). Ang unang larawan

sa larawan blg. 1 ay ang imahe ni INA na gawa sa santol. Makikita sa larawang ito ni INA ang simplisidad at kababaang-loob. Ang imahe ay walang alahas, at mamahaling binurdang robe, [14].

Makikita ang transpormasyon sa imahe ni INA lalo na sa kasuotan at mga kagamitan na makikita sa kanya maging ang pabango na ipinapaligo sa kanya ay talagang mamahalin na galing sa kanyang mga deboto. Kung dati, ang imahe ni INA na ipinoprusion ay tela ang damit at manto, ngayon ay gawa na ito sa *fiber glass*. Batay sa impormasyong aking nakalap buhat sa pakikipanayam ko sa pari ay aking napag-alamang ang dahilan kung bakit ang imahe ni INA na ipinoprusion sa kasalukuyan ay gawa na sa *fiber glass*, dahil umano ito sa nangyari noong taong 1985. Sa prusisyon ng imahe ni INA ay napunit ang damit nito at ito ay nahubaran, dahil sa kaguluhan ng mga tao na nagnanais makahipo/haplos at makahalik dito. Kayat upang hindi na maulit ang nangyari ay minarapat na gumawa ng replica na gawa sa *fiber glass* para sa prusisyon.




Ang Paglalakbay ko at Analisis sa Pagdiriwang ng kapistahan ni INA: Paglalahad ng mga Obserbasyon

Tuwing buwan ng Setyembre ay abala ang bikolandia lalo na ang siyudad ng Naga sa Camarines Sur sa paghahanda para sa pagdiriwang ng kapistahan ni INA. Ang pagdiriwang ng Peñafrancia fiesta ay nagsisimula sa pagkakaroon ng *traslacion procession*

kung saan ang imahe ni INA na nakalagak sa kanyang dambana sa Basilica Minore ay inililipat sa Metropolitan Cathedral.

Makikita sa Larawan blg. 2 ang ruta at eksena ng *traslacion procession* na humigit-kumulang limang kilometro mula sa dambana ni INA. Hindi mahulugang-karayom ang ruta ng prusisyon na ito sa dami ng mga taong sumasama at nag-aabang sa pagdaan ni INA at ng Divino Rostro (imahe ng tatlong mukha ni Jesus na nabakas sa panyo). Kapansin-pansin sa araw na ito ang iba't ibang *religious organisations* na sumasama sa prusisyon at maging ang pangkat ng mga estudyante buhat sa iba't ibang panig ng rehiyong Bicol.

Pagdating ng imahe ni INA at Divino Rostro sa Metropolitan Cathedral ay masaya itong sinasalubong ng awitin at pagwawagayway ng panyong puti ng mga deboto na narito at maging ng mga pari.



Larawan blg. 2. Ruta at Eksena sa *Traslacion*

Ang larawan blg. 3 ay nagpapakita na hindi alintana ng mga mananampalataya ang init ng araw o lakas ng ulan para masaksihan ang pagdating ni INA sa Metropolitan Cathedral. Makikita ang galak sa mga taong naririto kahit masungit ang panahon.



Larawan blg. 3. Ang pagsalubong ng mga deboto at kaparian sa Imahe ni INA at Divino Rostro sa Metropolitan Cathedral

Pagkatapos ng siyam na araw na novena masses sa Metropolitan Cathedral ay ibinabalik si INA sa kanyang dambana sa pamamagitan ng *fluvial procession*, dumadaan sa Naga river.

Makikita sa larawan blg. 4 ang eksena sa nasabing prusisyon. Ayon sa aking nakapanayam na pari, ang pagoda (tawag sa sinasakyan ni INA, Divino Rostro at mga pari) ay gawa o inayos at nilagyan ng dekorasyon ng mga intsik sa Naga City na deboto ni INA. Makikita sa mga larawang ito na kagaya ng traslacion ay napakarami rin ng mga taong pumupunta upang masaksihan ang pagbabalik ng imahe ni INA at ni Divino Rostro sa kanyang dambana. Di man sila makasakay sa pagoda ni INA ay sapat na sa kanila na makita ang imahe nito.

Maiuugnay ito sa sinabi ni Morgan [15], ang akto ng pagtingin sa isang imahe ay nagdudulot ng banal na



pormasyon at nakapagtatag ng mabisang gawi ng paniniwala. Ang pagtingin ay isang sagradong gawain sa iba't ibang relihiyon. Ang imahe ang siyang namamagitan sa manonood at sa hindi nakikita, kapwa ng lantad/hayag at nakakubli. Ayon pa sa kanya, para bang pinupunan ng imahe ang kamalayan sa presensya ng nakalarawang lugar o tao. Sa kapistahan ni Nuestra Señora de Peñafrancia ay nagbibigay-pugay ang mga deboto sa pamamagitan ng pagwawagayway ng puting panyo kapag dumadaan ang imahe, pagtitirik ng kandila, pagnonovena, at paghalik at paghipo sa kanyang imahe.

Mapapansin sa pagsasagawa ng *traslacion* at *fluvial procession* na kahit hindi magkakakilala ang mga tao ay nagkakatipon-tipon at nagkakaisa sila sa kanilang mga ginagawa kagaya na lamang ng pagkaway ng puting panyo at pagsigaw ng **Viva Nuestra Señora de Peñafrancia at Viva El Divino Rostro!** Wala sa

kanilang nagsasabi na sabay-sabay itong gawin pero nagagawa nilang magkasabay-sabay. Ito ay nagpapatunay sa sinabi ni Debord [16], “*The Spectacle is not the collection of images, but a social relation among people, mediated by images*”. Sa pagdiriwang na ito ng kapistahan ni INA ay totoo nga na nagkakaisa ang mga deboto kahit hindi magkakakilala, at nakabubuo rin ng maaayos na samahan ang mga deboto na nakikiisa sa pagdiriwang na ito.

Sa loob ng halos sampung araw na pagdiriwang na ito ay hindi rin nawawala ang mga karaniwang eksena sa pista; ang pagkakaroon ng mga timpalak pagandahan, konsiyerto ng mga sikat na banda, at ang makulay na Civic at Military Parade Competition na nilalahokan ng karamihan na paaralan sa kabikolan simula Elementarya hanggang kolehiyo.

Kapansin-pansin din ang eksena ng mga negosyante sa pagdiriwang ng kapistahan ni INA. Kung ang mga deboto ay abala sa panalangin at iba pang gawain kaugnay ng kanilang debosyon, abala naman ang mga negosyante sa pagtitinda. Makikita ang hilera ng mga nagtitinda ng mga pamaypay, panyo, pantali na lahat mayroong nakasulat kung hindi man nakaguhit na imahe o pangalan ni INA. At maging ang napakaraming replica ni INA ay makikita sa mga tindahang ito. Sa loob ng compound ng simbahan ay abala rin, maingay at makukulit ang mga nagtitinda ng kandila. Subalit isa sa mga napansin ko sa halos dalawampung taon kong pagdalo/pagpunta sa pagdiriwang ng kapistahan ni INA ay ang mga nagdarasal/nagnonovena dito na binabayaran. Mayroong mga tao na nagbabayad sa kanila para ipagdasal. Dalawa sa mga ito ay informal kong nakapanayam. Hindi libre ang pagdarasal na ginagawa nila para sa ibang tao ngunit wala rin umano silang *quota* na hinihingi, kung magkano lang daw ang bukal sa loob na ibibigay sa kanila ng nagpapadasal/novena. Ayon sa dalawang ale, may iba na bumabalik sa kanila pagkalipas ng ilang taon upang magpasalamat dahil sa kahilingang natupad dulot ng kanilang panalangin. Dagdag pa nila, ginagawa raw nila ito hindi lamang upang kumite kundi upang makatulong sa iba na walang panahong magdasal o kung hindi man ay hindi marunong magdasal ng novena.

Ang mga eksenang ito ay nagpapakita na para sa iba, nagiging pangalawa na lamang ang pananampalataya dahil mas inuuna nila ang mga bagay na pwede nilang pagkakitaan. Ito ay maiuugnay sa resulta ng pag-aaral ni Bautista, kung saan tinalakay niya ang ‘paggamit’ at ‘maling paggamit’ ng mga icons/imahe sa mga pag-aalsa sa Pilipinas. Sinuri dito

kung paanong ang mga *religious icons* ay nagagamit sa ibang adyenda na kadalasan ayon sa kanya ay nahihigant ang ispiritwal at teolohikong gampanin nito [17].

Kadahilanan at Paraan ng Pagtingin at Pagdedebosyon ng mga deboto kay INA

Batay sa ginawang pakikipanayam sa ilang deboto ni INA at sa ilang hindi deboto, natuklasang ang karamihan sa mga deboto ay mataas ang pagtingin kay INA. Ayon sa kanila, ang imaheng ito ni INA ang kumakatawan sa katauhan ni Maria na ina ni Jesus at ina nating lahat. Mayroon namang nagsabi na mataas ang kanyang pagpapahalaga sa imahe ni INA dahil ito ay representasyon ni Maria na ina ni Jesus kayat kung ano man ang hilingin sa kanya (INA) ay pakikinggan ito ng Diyos.

Natuklasan din sa pag-aaral na ito na ito na iba-iba ang mga kadahilanan ng pagdedebosyon ng mga tao kay INA; ang iba ay dahil sa mga milagrang kanilang naranasan katulad ng kwento ng isang Ginang, ayon sa kanya, ang kanyang debosyon kay INA ay nagsimula noong 1974 sa isang panaginip na magsagawa siya ng padasal sa loob ng 9 na araw para kay INA. Isa pa sa milagrang maituturing niya na para sa kanya ay mas nagpalalim sa kanyang debosyon kay INA ay ang aniya'y pagtulong ni INA sa kanyang anak upang makapanggamt, ang perang nalikom sa panggagamot ay ginamit nila sa pagpapatayo ng kapilya sa kanilang barangay. Hanggang ngayon ay buhay ang kapilya na iyon at mayroon ding pagdiriwang ng kapiyestahan para kay Nuestra Señora de Peñafrancia. Samantala, ang iba namang deboto ay nagkaroon ng debosyon dahil sa ito na ang kinagisnan nila sa kanilang mga ninuno kaya ipinagpatuloy nila hanggang ngayon. Kumbaga itinuturing na nilang tradisyon ang pagpunta sa Naga City sa kapiyestahan ni INA para dalawin ito at makapagpasalamat. Ang iba naman ay sinabing ang pagkakaroon nila ng debosyon kay INA ay isang gawi ng pagbabalik-loob o pasasalamat sa lahat ng biyayang natanggap/natatanggap taun-taon dahil ayon sa kanila, sapat na ang araw-araw na lakas ng pangangatawan na natatanggap upang ipagpasalamat sa Diyos sa pamamagitan ni INA. Samantala, ang iba naman ay pumupunta umano sila sa pista ni INA at humahalik at nananalangin sa imahe nito dahil mayroon silang hinihinging tulong kagaya na lamang ng pagpasa sa *board exam*. Ang mga ito ay ilan lamang sa napakaraming kwento ng pananampalataya at debosyon ng mga tao kay INA na aking napag-alaman batay sa aking mga nakapanayam.

Maiuugnay ito sa resulta ng pag-aaral ni Jocano [18], kung saan lumabas dito na ang *local religious practices* ay ginagawa bilang pagtupad sa personal na pangako ng isang tao nang siya ay nakaranas ng krisis sa buhay at bilang pagbabalik-loob sa pabor na kanyang natanggap mula sa Panginoon.

Natuklasan din sa pag-aaral na iba-iba ang paraan ng pagdedebosyon ng mga mananampalataya. Mayroon sa kanilang taon-taong sumasama sa traslacion at Fluvial Procession, pumipila para makahalik at makapunas ng panyo sa imahe ni INA, ang iba naman ay sa pamamagitan ng novena para kay INA tuwing sabado. At mayroon din na ibinabayad sa ibang tao ang pagpapadasal kay INA. Iba-iba man ang paraan ng pagdedebosyon ng mga tao, ang mahalaga rito ay taos sa kanilang puso ang kanilang ginagawa para kay Nuestra Señora de Peñafrancia.

Ipinapakita ng mga naratibo ng milagro at pananampalatayang ito na iba-iba man ang paraan ng pagsamba ng mga tao, at marami man ang mga gawaing pinagkakaabalahan ng kaaramihan tuwing kapistahan ay nariyan pa rin ang pagpapala ni INA sa mga taong naniniwala at patuloy na nanampalataya sa kanya. Masasalamatin din sa kuwento ng mga deboto na hindi usapin kung paano isinasagawa ang pagdedebosyon, ang mahalaga ay ang paniniwala sa Panginoon sa tulong ng tapat at bukal sa loob na panalangin kay INA.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Mahaba na ang kasaysayang nilakbay ng imahe ni INA at ng debosyon sa kanya ng mga bikolano. Ito na nga ang isang sa napagkakakilanlan kapag sinabing bikolano. Ang imahe ni INA ay kakikitaan ng katutubong katangian dahil sa kulay nito na iniuugnay sa dugo ng aso na ipinangkulay sa kauna-unahang imahe nito na inukit mula sa kahoy ng santol. Ang pagbabago ng itsura ng imahe ni INA buhat sa simpleng damit hanggang sa magagarang kasuotan ngayon ay nagpapakita ng malaking pagpapahalaga ng mga tao sa kanya.

Makikita na sa kabila ng pagkakaroon ng iba-ibang katangian ng mga imahe ni Maria bilang ina ni Jesus ay buo pa rin ang pananampalataya ng mga deboto na iisa lang ang kanilang sinasamba yun ay si Maria mismo sa katauhan ng birhen na kanilang pinag-aalayan ng panalangin. Para sa mga mananampalataya ay hindi usapin ang totoo/tunay o hindi, hindi nila alintana kung totoo ba ang imahe na kanilang sinasamba o hindi dahil mas nananaig ang kanilang pananampalataya. Ang pagdagsa ng mga tao sa dalawang prusisyon na

nagaganap sa pista ni INA ay patunay lamang na marami ang naniniwala na siya ay totoong representasyon o kinatawan ni Maria at nakikinig sa anumang panalangin ng mga nananalig sa Diyos.

Ang pagdedebosyon ng mga tao sa kadahilangang nais nilang ibalik-loob kay INA ang mga biyayang kanilang natanggap ay isang magandang manifestasyon na ang mga bikolano ay marunong tumanaw ng utang na loob.

Samantala, ang usapin naman tungkol sa mga tao na nagiging pangalawa lamang ang pagsamba kay INA dahil inuuna ang mga sariling interes kagaya ng negosyo o pagkita ng pera ay maaaring iugnay sa usapin ng pananampalataya. Dahil kung malaki ang pananampalataya sa Diyos ay uunahin Siya higit sa ano pa man. Ito rin ay maaaring iugnay sa usapin ng komersyalismo sa lipunan.

Ang usaping ito ay magandang paksain ng mga susunod na pag-aaral. Ang pag-iimbestiga/panayam sa mga nagtitinda/negosyante sa loob at labas ng compound ng simbahan sa pagdiriwang ng kapiyestahan. At ang pananaliksik kaugnay sa naratibo ng mga taong nag-aalok ng novena para sa mga deboto. Sa pamamagitan nito ay mauunawaan ang kadahilanan ng kanilang mga ginagawa at malalaman ang hinggil sa kanilang paniniwala kaugnay ng nasabing pagdiriwang.

TALASANGGUNIAN

- [1] Yalung, O. (2011). *Veneration of Saints in Popular Religiosity*. PAMISULU: An Interdisciplinary Journal of Theology and Philosophy 1.1 (p. 48). Web. 31 March 2016.
- [2] Perselis, E. P. (2013). *Icons –Holy Images and their Pedagogical Relevance*. An Orthodox Perspective (P. 253), url: <https://goo.gl/uLXCh6>.
- [3] Vrame, A. C. (1999). *The Educating Icon. Teaching Wisdom and Holiness in the Orthodox Way*. Brookline, MA: Holy Cross Orthodox Press. (p. 53).
- [4] Love The Faith. (2017).retrieved from <https://goo.gl/RX4dgV>.
- [5] Realubit, Maria Lilia F. (w.t). *Bikol Literary History*. (p. 13).
- [6] Cordero, K. S. (2014). *Our Lady of Imelda*. Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature 8: 115-132. *Open Journal System*. Web. 01 March 2017.
- [7] Gerona, D. M. (2003). *The Birth and the Rebirth of a City*. Edited by F. Obias, D. Imperial and G.Bordado. Local Government Unit, Naga City. (p.61).
- [8] Alarcon, R. A. C. *History of Our Lady of Penafrancia*. 30 August 2012. Facebook Post.
- [9] Sturken, Marita at Cartwright, Lisa. (2005). *Practices of Looking: An Introduction to Visual Culture*.Oxford University Press. (P.7).
- [10] Enriquez, V. G. (1992). *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. UP Press. Diliman, Quezon City. (p.116).
- [11] Alarcon, Rex Andrew C. (2007). *Year 1710: The Origin of the Devotion to Our Lady of Peñafrancia*. Vinculum, vol.25. No.1, Oct. 2007. p. 131-133.
- [12] Pan, R. S. *The Devotion to Mary in Bikol History*. Vinculum , vol.15, p249.
- [13] Villegas, M. (2016). *A Festival For Travellers and Kind Strangers: Our Lady of Peñafrancia Festival 2016*. PH Living. Web. 07 Sept. 2016.
- [14] Obias, J. F. P. (1999). *INA on the Record*. AMS Press.
- [15] Morgan, D. (2005). *The Sacred Gaze: Religious Visual Culture in Theory and Practice*.
- [16] Debord, G. (1994). *The Society of the Spectacle*. Trans. by Donald Nicholson-Smith. ZONE BOOKS 61 1 Broadway, Suite 608 New York, NY 10012. (p. 5).
- [17] Bautista, J. *The Rebellion and the Icon: Holy Revolutions in the Philippines*. National University of Singapore. (pp.291-310).
- [18] Jocano, L. *Filipino Catholicism: A Case Study in Religious Change*. (p. 63).

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).